

RACIAL &
IDENTITY
PROFILING
ADVISORY
BOARD

2022

Ehekutibong Buod

EHEKUTIBONG BUOD


Malugod na inilalabas ng Racial and Identity Profiling Advisory Board (“Lupon”) ang Taunang Ulat para sa 2022 (“Ulat”). Masinsinang sinusuri ng Ulat ang malawak na saklaw ng mga isyung kaugnay ng pag-profile ng lahi at pagkakakilanlan, at nagbibigay ito ng konteksto at pananaliksik para gawing mas malalim ang pag-unawa ng publiko ng stop data na kinolekta sa ilalim ng Racial and Identity Profiling Act (“RIPA” o Batas sa Pag-profile ng Lahi at Pagkakakilanlan). Sa Ehekutibong Buod na ito, nagbibigay ang Lupon ng malawakang pangkalahatang-ideya ng mga nilalaman ng Ulat. Pagkatapos mismo ng Ehekutibong Buod ay makikita ang isang listahan ng Mga Rekomendasyon at Pinakamainam na Gawi para sa lahat ng interesadong partido kaugnay ng mga bahaging may isyu sa Ulat. Hinihikayat ng Lupon ang lahat ng mga stakeholder, kabilang ang mga ahensyang tagapagpatupad ng batas, tagagawa ng patakaran, California Commission on Peace Officer Standards and Training (POST, Komisyon ng California sa Mga Pamantayan at Pagsasanay sa Opisyal sa Pagpapanatili ng Kapayapaan), at mga tagapagtaguyod at miyembro ng komunidad na gamitin ang mga rekomendasyong ito bilang plataporma para sa talakayan at pagpapatupad ng mga reporma na hindi lamang papabutihin ang pampublikong kaligtasan sa California, pero palalakasin din ang ugnayan ng mga tagapagpatupad ng batas at ng komunidad. Espesyal na kinikilala ng Lupon na napakahalaga ng input ng komunidad para sa anumang proseso ng reporma, at dapat konsultahin ang mga miyembro ng komunidad habang naghahanda ang mga ahensya at munisipalidad na gumawa ng pagbabago sa kanilang mga komunidad.

Sa Ulat ngayong taon, sinusuri ng Lupon ang RIPA stop data na kinolekta mula sa 18 ahensyang tagapagpatupad ng batas, kabilang ang 15 pinakamalaking ahensyang tagapagpatupad ng batas sa California, mula Enero 1, 2020 hanggang Disyembre 31, 2020. Binibigyang konteksto ng Ulat ang pagkolekta ng data sa mga mas malawakang sitwasyon ng hindi inaasahang pandaigdigang pandemyang COVID-19, na hindi lamang nagkaroon ng napakalaking epekto sa mga komunidad ng hindi puti (communities of color) pero nagkaroon din ng malaking epekto sa pagpupulisya. Tinatalakay ng Lupon ang malaking hindi pagkakapantay-pantay sa lahi pagdating sa pagpapatupad ng ahensya ng mga utos na manatili sa tahanan at magsuot ng mask, habang dinodokumento rin ang nakababahalang 107% pagtaas ng krimen laban sa mga Asyano noong 2020 sa California. Naganap din ang pagkolekta ng data sa panahon ng pambansang pananawagan laban sa karahasan ng pulisya at sistematikong racism na humantong sa mga protesta sa buong mundo at mga pagkakaiba sa kung paano tinrato ang mga nagprotesta ng mga tagapagpatupad ng batas sa California at sa bansa.

Dagdag pa sa pagsusuri sa stop data, naglalaman ang Ulat ng bagong pagtuon ngayong taon sa data tungkol sa mga pagkakaiba para sa mga indibidwal na may kapansanan at mga indibidwal na ipinagpapalagay na transgender. Sinusuri din ng Ulat ang data at pananaliksik sa mga consent and supervision search at pretext stop.


Mga Natuklasan Tungkol sa Stop Data ng RIPA

- Mula Enero 1, 2020 hanggang Disyembre 31, 2020, 18 ahensyang tagapagpatupad ng batas (“mga ahensyang nag-uulat”) sa California ang nagkolekta ng data tungkol sa mga pag-detain at search ng pulisya sa mga indibidwal, at nagsumite ng data na ito sa Department of Justice ng California.
- Gumawa ang mga ahensyang nag-uulat ng higit 2.9 na milyong stop sa panahon ng pagkolekta ng stop data, at ang California Highway Patrol ang nagsagawa ng pinakamaraming stop kumpara sa lahat ng ibang nag-iisang ahensya (57.7%). Kahit na tatlong higit pang ahensya ang nagkolekta ng stop data noong 2020, 26.5 porsiyentong mas kaunting stop ang inulat kumpara sa 2019. Malamang na nakaapekto sa pagkakaiba sa dami ng stop na inulat noong 2020 kumpara sa noong nakaraang taon ang pandemyang COVID-19 at ang mga epekto nito sa maraming aspekto ng mga buhay ng mga tao, pati sa mga gawi ng mga ahensyang tagapagpatupad ng batas.
- Karamihan ng mga indibidwal na na-stop ay binuo ng mga indibidwal na ipinagpalagay bilang Hispanic (40.4%), Puti (31.7%), o Itim (16.5%).
- Ang karamihan ng mga indibidwal na na-stop ay itinuring bilang (cisgender na) lalaki (72.7%) o (cisgender na) babae (27.0%), at kapag pinagsama, binubuo nila ang 99.7% ng mga na-stop na indibidwal.




- Sa pananaw ng mga opisyal, 1.2 porsiyento ng mga indibidwal na na-stop nila ay mayroong isa o higit pang kapansanan. Sa mga tingin nilang mayroong kapansanan, ang pinakakaraniwang kapansanan na inulat ng mga opisyal ay kondisyon sa kalusugang pangkaisipan (70.3%).

Ipinagpapalagay na Kapansanan




- Ang pinakakaraniwang inulat na dahilan para sa stop sa lahat ng grupo ng lahi/etnisidad ay paglabag sa batas trapiko (86.1%), at kasunod ay makatuwirang hinala na nagsagawa ng kriminal na aktibidad ang tao (11.5%). Mas mataas na porsiyento ng mga indibidwal na Itim ang na-stop para sa makatuwirang hinala kumpara sa anumang grupo ng lahi.
- Ang mga opisyal ay nag-search, nag-detain sa bangketa o sa patrol car, naglagay ng posas, at nagpalabas mula sa mga sasakyan ng mas maraming indibidwal na ipinagpalagay bilang Itim kumpara sa mga indibidwal na ipinagpalagay bilang Puti, kahit na nag-stop sila ng higit sa dobleng bilang ng mga indibidwal na ipinagpalagay bilang Puti kumpara sa mga indibidwal na ipinagpalagay bilang Itim.

Mga Aksyong Ginawa sa Pag-stop ayon sa Lahi/Etnisidad




- Pinakamadalas na inulat ng mga opisyal na walang ginawang aksyon bilang resulta ng stop sa mga pag-stop ng mga indibidwal na ipinagpapalagay na Itim.



- Para magbigay ng konteksto para sa pagkakahati-hati sa lahi ng mga na-stop na indibidwal, kinumpara ng Lupon ang distribusyon ng stop data sa benchmark data na makikita sa dataset ng American Community Survey (ACS). Kinakatawan ng mga indibidwal na Itim ang mas mataas na bahagi ng mga na-stop na indibidwal, kumpara sa kanilang bahagi ng populasyon sa dataset ng ACS.

Weighted na Populasyon ng Naninirahan Kumpara sa Stop Data



- Ipinapakita ng Veil of Darkness na pagsusuri na pinapababa ng kadiliman (darkness) ang mga rate ng pag-stop sa mga indibidwal na Itim at Hispanic kumpara sa mga indibidwal na Puti.

- Mas malaki ang posibilidad na gamitan ng puwersa ang mga indibidwal na Itim at Hispanic kumpara sa mga indibidwal na Puti, habang mas mababa ang posibilidad para sa mga Asyano at ibang indibidwal. Partikular dito, ang posibilidad na magamitan ng puwersa sa isang pag-stop ay 1.32 beses na mas mataas para sa mga Itim at 1.16 na beses na mas mataas para sa mga Hispanic na indibidwal. Mas mababa ang posibilidad na magamitan ng puwersa ang mga Asyano at Ibang indibidwal na na-stop ng mga opisyal (.0.80 para sa mga Asyano at 0.82 para sa Iba), kumpara sa posibilidad para sa mga indibidwal na ipinagpapalagay bilang Puti ng mga opisyal.
- Ipinakita ng pagsusuri ng rate ng search discovery na kapag nag-search ang mga opisyal ng mga indibidwal, ang mga indibidwal mula sa lahat ng lahi o etnikong grupo ng hindi puti, maliban sa mga indibidwal na Asyano at Middle Eastern/Timog Asyano, ay may mas mataas na rate ng pag-search kahit na mas mababa ang rate ng pagtuklas ng kontrabando sa kanila kumpara sa mga indibidwal na ipinagpapalagay bilang Puti.

Mula Data hanggang Mga Patakarang Tumutugon sa Pag-profile ng mga Taong Transgender

Ginamit ng Lupon ang stop data ng RIPA para magkaroon ng mas malalim na pag-unawa sa pag-profile batay sa kasarian. Gumagamit ng intersectional na pamamaraan ang Lupon sa pagtukoy at pagsusuri ng mga pagkakaiba sa stop data ng mga lahi/etnisidad at kasarian. Napapanahon ang pagsusuri dahil sa napakaraming pagsisikap sa buong bansa para magpasa ng mga nandiskriminang batas laban sa mga taong transgender at ibang miyembro ng komunidad ng LGBTQ+.

Nagbibigay muna ang Lupon ng konteksto sa isyung ito sa pamamagitan ng pagtingin sa data na kinolekta ng National Coalition of Antiviolence Programs (NCAVP, Pambansang Koalisyon ng Mga Programang Laban sa Karahasan), mga ulat ng think tank ng UCLA Law na The Williams Institute, pananaliksik sa agham panlipunan, at maraming ulat na ipinapakita na nasa mataas na panganib ang mga babaeng transgender mula sa mga pribadong aktor, lalo na sa pamamagitan ng homicide at karahasan sa tahanan. Dahil sa panganib na ito, naging konklusyon ng mga advocate, kabilang ng National Center for Transgender Equality (NCTE), NCAVP, at mga iskolar ng batas, na makikinabang ang mga babaeng transgender at ibang transgender na populasyon mula sa pinabuting ugnayan sa mga tagapagpatupad ng batas.

Pagkatapos ng pagsusuring ito sa mga natuklasan ng pananaliksik, sinusuri ng Lupon ang stop data ng RIPA para sa lahat ng kasarian at tinutukoy nito ang mga pagkakaiba sa mga pag-stop na ginawa ng mga ahensyang nag-ulat ng data noong 2020. Malalaki ang pagkakaiba sa mga dahilan para sa pag-stop sa iba't ibang kategorya ng ipinagpapalagay na kasarian at makabuluhang pagkakaiba pagdating sa kasarian at kung nagsagawa ng aksyon ang mga opisyal bilang resulta ng pag-stop. Mas malaking bahagi ng mga indibidwal na ipinagpapalagay bilang transgender ang na-search kumpara sa mga indibidwal na ipinagpapalagay bilang cisgender. Ang pagkumpleto ng mga field interview card ay karagdagang resulta ng pag-stop kung saan nagkaroon ng malaking pagkakaiba sa pagitan ng mga indibidwal na ipinagpapalagay bilang cisgender at mga indibidwal na ipinagpapalagay bilang transgender. Panghuli, sinuri ng Lupon ang mga natuklasan ng pagsusuri ng NCTE sa mga umiiral na patakaran ng mga

departamento ng pulisya sa U.S. at natukoy na kailangan ng karagdagang trabaho para iayon ang mga patakaran sa mga pinakamainam na gawi. Gumagawa ang Lupon ng mga rekomendasyon ng mga pinakamainam na gawi sa Ulat sa ilang bahaging naglalayong bawasan ang mga pagkakaiba sa mga pakikipag-ugnayan ng tagapagpatupad ng batas sa mga taong transgender. Nakalista ang mga rekomendasyong iyon sa Mga Rekomendasyon at Pinakamainam na Gawi sa Ulat ng RIPA para sa 2022.

Pamamaraang Batay sa Data para sa Hustisya sa May Kapansanan

Para sa unang pagkakataon, itinatampok ng Lupon ang masinsinang pananaliksik at pagsusuri ng data tungkol sa mga indibidwal na may mga ipinagpapalagay na kapansanan, na lubos na mas napapailalim sa mga search at paggamit ng puwersa ng pulisya kapag kinumpara sa mga ipinagpapalagay na walang kapansanan. Tulad ng binibigyang-diin ng ulat, ang krisis sa kalusugang pangkaisipan ay hindi kriminal na bagay at dapat bigyang-prioridad ng mga ahensya at munisipalidad ang mga patakaran at gawi na sumusuporta sa mga alternatibong tugon na batay sa komunidad at mag-secure ng pagpopondo para sa mga alternatibong iyon.

Ipinapakita ng pagsusuri sa rate ng pag-search at discovery (pagtuklas) na nag-search ang mga opisyal ng mga indibidwal na ipinagpapalagay bilang may kapansanan nang 4.8 beses na mas madalas para sa kapansanan sa kalusugang pangkaisipan at 2.7 beses na mas madalas para sa ibang uri ng kapansanan kumpara sa mga indibidwal na itinuring bilang walang kapansanan, pero mas mababa ang rate ng pagtuklas sa kontrabando o katibayan sa mga pag-stop na may search ng mga indibidwal na may kapansanan. Gumamit ang mga opisyal ng puwersa laban sa mga indibidwal na ipinagpapalagay na may mga kapansanan sa kalusugang pangkaisipan sa rate na 5.2 beses kumpara sa rate ng kanilang paggamit ng puwersa sa mga indibidwal na ipinagpapalagay nilang walang kapansanan.

Nagbibigay ang Americans with Disabilities Act (ADA, Batas sa Mga Amerikanong May Mga Kapansanan) at mga batas ng estado ng California ng mga kinakailangang proteksyon at akomodasyon para sa mga indibidwal na may kapansanan. Halos bawat aspekto ng pagpapatupad ng batas ay apektado ng mga pederal at pang-estadong batas sa kapansanan, kabilang ang pagtanggap ng mga reklamo ng mga sibilyan, pagtanong sa mga saksi, pag-aresto at pagkulong sa isang tao, pagpapadala ng 911, pagbibigay ng pang-emerency na serbisyong medikal, at pagpapatupad ng mga batas. Gayunpaman, dahil sa mga pagkakaibang ipinapakita ng data ng RIPA, mukhang hindi natutugunan ng mga munisipalidad at ahensyang tagapagpatupad ng batas ang ilang kinakailangan sa akomodasyon. Dahil dito, naghahayag ang Lupon ng ilang rekomendasyon sa mga pinakamainam na gawi para sa ahensya pagdating sa pagsasanay at mga patakaran, pati mga alternatibo sa mga tugon ng pulisya para isaalang-alang ng mga munisipalidad. Nakalista ang mga rekomendasyong iyon sa Mga Rekomendasyon at Pinakamainam na Gawi sa Ulat ng RIPA para sa 2022. Dapat tiyakin ng mga ahensyang tagapagpatupad ng batas – sa pamamagitan ng mga patakaran at pagsasanay – na hindi nila ginagawang krimen ang mga kilos na dulot ng mga kapansanan.

Mga Consent Search

Masinsinang sinusuri ng Lupon ang mga consent search, kung saan nagsasagawa ang isang opisyal ng search ng isang tao at/o kanyang kagamitan pagkatapos makuha ang kanyang pahintulot. May kakayahang magpasya ang mga opisyal na hingin ang pahintulot ng isang tao para mag-search at hindi kailangang maghinala na may krimeng ginawa para gawin ang kahilingang iyon. Dahil sa malawak na pagpapasyang ito, maaaring magkaroon ng epekto ang implicit (ipinapahiwatig) at explicit (tahasang) na bias sa kung kailan at sinong hihingan ng pahintulot ng mga opisyal para mag-search. Sa katunayan, sinasalamín ng pagsusuri ng data ng Lupon ang malalaking pagkakaiba-iba pagdating sa mga consent search na hinahamon ang pagiging patas at pakinabang ng ganitong uri ng mga search.

Ipinapakita ng data ng RIPA para sa 2019 at 2020 na hinihingan ng pahintulot para mag-search ang mga indibidwal na Itim at Hispanic/Latine(x) sa mas mataas na rate kumpara sa mga indibidwal na Puti. Kahit na na-search ang mga indibidwal na Itim, Hispanic/Latine(x) at Multiracial sa mas mataas na rate para sa mga consent only search (mga search kung saan pahintulot lamang ang kailangan) kumpara sa lahat ng ibang grupo ng lahi/etnisidad, nagresulta ang mga consent only search na ito sa mas mabababang rate ng pagtuklas ng kontrabando (8.5%, 11.3%, at 13.0% para sa bawat grupo) kumpara sa mga pag-search ng lahat ng ibang grupo ng lahi/etnisidad.

Ipinapakita rin ng data na para sa higit sa kalahati ng mga stop kung saan nagsagawa ang mga opisyal ng consent only search (kung saan pahintulot lamang ang dahilan para sa pag-search) ng mga indibidwal na Itim, Hispanic/Latine(x), at Middle Eastern/Timog Asyano, ang naging dahilan para sa pag-stop ay paglabag sa batas trapiko. Kapag pinaghambing ito, mas mababa sa 30 porsiyento ng mga consent only search sa mga indibidwal na Puti ang naganap sa mga stop para sa mga paglabag sa batas trapiko.

Panghuli, nagreresulta ang mga consent only search sa mabababang rate ng pagtuklas, kumpara sa mga search na batay sa makatuwirang hinala o probable cause (posibleng dahilan). Ang rate ng pagtuklas para sa mga indibidwal na Itim ay mas mababa nang 9.2 puntos ng porsiyento kumpara sa inulat na rate para sa mga indibidwal na Puti para sa mga consent only search.

Dahil sa mga pagkakaiba sa data sa mga consent search, kinukuwestiyon ng Lupon kung totoong boluntaryo ba ang mga consent search. Kahit na sinalasamin ng data na karamihan ng mga tao ay pumapayag sa pag-search kapag hiniling ng isang opisyal, ipinapakita ng pananaliksik na tinalakay sa Ulat na ang “pahintulot” na ito ay hindi palaging boluntaryo dahil sa likas na hindi pagkakapantay-pantay ng kapangyarihan sa pagitan ng opisyal na tagapagpatupad ng batas at miyembro ng publiko. Ipinapakita ng pananaliksik na ang likas na hindi pagkakapantay-pantay ng kapangyarihang ito ay mas lumalabas pagdating sa mahihinang populasyon, tulad ng mga taong may mga kapansanan sa kalusugang pangkaisipan o kabataan, na mas malamang na sumunod dahil sa puwersa ng awtoridad. Sa katunayan, sinasalamín ng data ng RIPA na para sa mga taong may kapansanan sa kalusugang pangkaisipan at kabataan, ang mas malaking proporsyon ng mga pag-stop sa kanila na nagsimula bilang may pahintulot ay

nagresulta sa mga search, kumpara sa mga taong walang kapansanan sa kalusugang pangkaisipan o mga nasa wastong edad.

Tinitingnan ng Lupon ang mga pagsisikap ng mga ahensya para paghigpitan o pagbawalan ang mga consent search at nahanap nito ang kahit isa man lamang na ahensya kung saan nagresulta ang pagbabawal sa mga consent search sa *pagtaas* ng posibilidad na makahanap ng kontrabando. Naniniwala ang Lupon na ang ganitong mga uri ng pagbabago sa patakaran ay maaaring magkaroon din ng epekto sa pagpapabuti ng ugnayan ng komunidad at pulisya.

Dahil sa malawak na hanay ng mga pagkakaiba-iba at alalahanin sa mga consent search, at sa mga potensyal na benepisyong pagbabawal ng mga ito, inirerekomenda ng Lupon ang lubos na paghihigpit o ganap na pagtatapos ng gawi na mga consent search.

Mga Known Supervision Stop at Search

Sinisiyasat din ng Lupon ang mga known supervision stop at search, kung saan na-stop o na-search ang isang tao dahil napapasailalim siya sa isang anyo ng pagbabantay na inutos ng korte, tulad ng probation o parole, pagkatapos ng hatol na gumawa siya ng krimen.

Nagbibigay muna ang seksyon na ito ng Ulat ng pangkalahatang-ideya ng pagbabantay (supervision) na inutos ng korte, kabilang ang talakayan ng Pagtatatwa (Waiver) sa ilalim ng Fourth Amendment. Ang pagtatatwa ay karaniwang kondisyon ng pagbabantay, na pinapayagan ang isang opisyal na i-search ang taong iyon at ang kanyang tahanan, kahit na walang makatuwirang hinala o probable cause ang opisyal para paniwalaang nagsasagawa ng kriminal na aktibidad ang taong iyon. Inilalarawan din ng Lupon kung paano nagtutulak ang maramihang pagkakulong ng mga pagkakaiba-iba kaugnay ng pagsubaybay, at tinutukoy nito bilang halimbawa na ang mga indibidwal na Itim ay higit na mas malamang na kasuhan ng mga paglabag sa parole kumpara sa mga indibidwal na Puti, kahit na nagkokontrol para sa ibang salik.

Gamit ang background na ito, masinsinang sinusuri ng Lupon ang data kaugnay ng mga pag-stop sa mga indibidwal kung saan ang pangunahing dahilan para sa pag-stop o ang batayan para sa search ay ang katayuan sa pagsubaybay ng na-stop na tao. Nagpakita ng malalaking pagkakaiba ang pagsusuri ng Lupon na nangangailangan ng higit pang pagsiyasat sa mga gawi ng pagpapatupad ng batas.

Halimbawa, nagsagawa ang mga opisyal ng mga supervision only search (kung saan ang katayuan sa pagsubaybay lamang ang batayan para sa search) ng mga indibidwal na ipinagpapalagay bilang Itim sa rate na 2.8 beses na mas madalas kumpara sa kanilang paggawa ng mga supervision only search ng mga indibidwal na ipinagpapalagay bilang Puti. Sa parehong paraan, nagsagawa rin ang mga opisyal ng mga supervision plus search (kung saan may iba pang batayan ang opisyal para i-search ang tao) ng mga indibidwal na Itim sa rate na 3.3 beses na mas madalas kumpara sa kanilang paggawa ng mga supervision plus search ng mga indibidwal na Puti. Ang mga rate ng pagtuklas ng kontrabando para sa mga supervision only search ay mas mababa para sa lahat ng grupo ng lahi/etnisidad kumpara sa mga indibidwal na Puti; may

pinakamalaking pagkakaiba sa rate ng pagtuklas ang indibidwal na Itim (-11.4 na puntos ng porsiyento) kumpara sa mga indibidwal na Puti. Nag-ulat din ang mga opisyal ng mas mataas na proporsyon ng mga supervision only search sa mga pag-stop para sa mga paglabag sa batas trapiko (46.9%) kumpara sa mga pag-stop para sa makatuwirang hinala (24.6%). Ito ay ilan lamang sa maraming pagkakaibang tinalakay sa Ulat.

Dahil sa malalaking pagkakaibang naobserbahan, sinuri ng Lupon ang mga pagsisikap ng iba't ibang ahensyang tagapagpatupad ng batas para limitahan ang mga tanong sa katayuan ng pagsubaybay pati mga stop at search batay sa katayuan sa pagsubaybay. Higit pa, ipinapahiwatig ng data ng RIPA na ang gawi na pagsasagawa ng mga supervision only search ay nagpapakita ng mga pagkakaiba-iba sa lahi na nagreresulta sa mas mababang rate ng pagtuklas ng kontrabando o katibayan. Dahil dito, inirerekomenda ng Lupon ang paglimita o pagbabawal ng (1) pagtanong sa katayuan sa pagsubaybay ng isang tao at (2) pagkulong o search dahil lamang alam ng opisyal ang katayuan sa pagsubaybay ng isang tao, at sa halip ay kailanganin na ang opisyal ay dapat, bilang minimum, may makatuwirang hinala na nagsagawa ang tao ng kriminal na aktibidad.

Mga Pretext Stop

Nagsisilbi ang Ulat ngayong taon bilang punto ng pagsisimula para sa mas pangmatagalang talakayan at pagsusuri ng mga pretext stop. Nagaganap ang mga pretext stop kapag nag-stop ang isang opisyal ng tao para sa kunwaring paglabag sa batas trapiko o minor na paglabag pero ang aktwal na balak niya ay gamitin ang stop para mag-imbetiga, batay sa kutob ng opisyal na hindi mismo maituturing na makatuwirang hinala o probable cause. Ang mga ganitong uri ng stop ay maaaring maimpluwensiyahan ng implicit o explicit na bias ng isang opisyal, pati ng mga patakaran ng ahensya na maaaring nakatuon sa ilang uri ng aksyon sa pagpapatupad sa iba't ibang kapitbahayan, na maaaring magdulot ng mga pagkakaiba sa kung sino ang target ng mga stop.

Sa Ulat ngayong taon, pangunahing tuon ng Lupon na maunawaan ang data tungkol sa mga pag-stop para sa mga paglabag sa batas trapiko na maaaring maging batayan para sa pretext stop. Naglalaman ang Ulat ng ilang pagsusuri ng mga pinakamadalas na ginagamit na gumagalaw at hindi gumagalaw na paglabag bilang pretext kung gumagamit ang isang opisyal ng mga minor na paglabag sa batas trapiko para magsagawa ng higit pang walang kaugnayang aksyon laban sa na-stop na indibidwal nang walang makatuwirang hinala o probable cause para gawin ito. Bilang halimbawa, ipinapakita ng data na, kumpara sa mga indibidwal na Puti (4.6%), nag-ulat ang mga opisyal ng higit 2.5 beses na mas maraming stop batay sa mga paglabag dahil sa pagharang sa bintana (window obstruction violation) para sa mga indibidwal na Hispanic/Latine(x) (11.4%) at 1.9 na beses na mas marami para sa mga indibidwal na Itim (8.7%) (kapag hindi sinama ang California Highway patrol mula sa pagsusuri ng data). Sa isa pang halimbawa, lubos na mas madami ang pag-stop para sa mga indibidwal na Itim at Hispanic/Latine(x) para sa dalawang uri ng pag-stop sa bisikleta (paglabag dahil sa ilaw at kagamitan ng bisikleta) kumpara sa mga indibidwal na Puti.

Tinatala ng Ulat na ang ilang pagsisikap na ginawa ng mga ahensyang tagapagpatupad ng batas para tugunan ang mga pagkakaiba sa pag-stop sa trapiko, na may karagdagang kapaki-pakinabang na resulta na pagpapabuti ng iba't ibang kinalalabasan sa pampublikong kaligtasan, tulad ng mas mabababang rate ng krimen, mas kaunting aksidente sa trapiko, at mas maraming pag-aresto dahil sa DUI.

Dahil sinasalamin ng pagsusuri sa data ng Lupon sa Ulat na ito ang mga pagkakaiba sa mga pag-stop dahil sa paglabag sa batas trapiko at ang mga kahanga-hangang pagsisikap na ginawa na ng ilang ahensya para tugunan ang ganitong mga uri ng pagkakaiba, nais tingnan nang mas malalim at suriin ng Lupon ang mga stop na maaaring may pretextual na katangian at suriin ang bisa ng gawing ito. Para sa layuning iyon, umaasa ang Lupon na suriin ang mga nagsisimulang modelo na ginagamit ng mga ahensyang tagapagpatupad ng batas para paramihin ang mga gawi sa pagpupulisya na walang bias. Tinatawag din ng Lupon ang mga tagagawa ng patakaran at mga lider para gumawa ng mga paraan upang alisin ang mga pretextual stop at sa gayon ay bawasan ang potensyal para sa pinsalang dulot ng mga naturang stop.

Mga Patakaran at Pananagutan sa Pag-profile ng Lahi at Pagkakakilanlan

Ipinagpapatuloy sa Ulat ang trabaho ng Lupon mula sa Ulat nito sa 2020 sa pamamagitan ng pagsusuri sa mga patakaran sa pagpupulisyang walang bias para sa Wave 3 at ilang maagang nagpapatupad na ahensyang Wave 4, pati follow-up na pagsusuri ng mga pagbabagong ginawa ng mga ahensyang Wave 1 at Wave 2 pagkatapos ng pagsusuri sa nakaraang dalawang taon. Tinutukoy ng Lupon ang ilang ahensyang kasalukuyang hindi nakakasunod sa batas ng estado na i-post ang mga patakaran ng mga ahensya nito online at hinihikayat ang mga ahensyang ito na i-post ang mga patakaran ng kanilang mga ahensya online sa lalong madaling panahon para maremedyo ang paglabag na ito. Tinatala din ng Lupon ang malawakang paggamit ng mga patakaran sa pagpupulis na walang bias ng Lexipol, at inirerekomendang suriin ng mga ahensya ang patakaran kasama ng mga partner sa komunidad at gumawa ng mga pagbabago para matugunan ang mga rekomendasyon sa mga pinakamainam na gawi at anumang kinakailangan at pinapahalagahan na partikular sa komunidad, sa halip na umasa sa form na patakaran ng Lexipol. Nakalista ang mga rekomendasyong ito sa Mga Rekomendasyon at Pinakamainam na Gawi sa Ulat ng RIPA para sa 2022.

Mga Modelo ng Pananagutan

Sinusuri ng Lupon ang mahahalagang bahagi na bumubuo ng mga sistema ng pananagutan ng mga ahensyang tagapagpatupad ng batas. Una, sinusuri ng Lupon ang mga patakaran at gawi sa pag-audit at ang paggamit ng data para sa pagbabago ng patakaran at pagsubaybay sa tauhan sa mga ahensya. Tulad ng ipinapakita ng pananaliksik ng Lupon, maaaring pahasayin ng mga audit ang integridad ng stop data sa pamamagitan ng pagsusuri ng antas ng pagkatumpak at pagkakumpleto ng pag-ulat ng data. Makakatulong din ang pag-audit sa mga ahensya na matukoy ang mga sanhi ng mga hindi pangkaraniwang pattern o hindi inaasahang pagbabago sa data at ibunyag ang anumang patakaran, gawi, o pagsasanay na nagdudulot ng mga pagkakaiba sa mga lahi at ibang grupo ng pagkakakilanlan. Mula roon, matutugunan ng mga ahensya ang anumang puwang o kakulangan sa kanilang mga patakaran, mga gawi, at pagsasanay.

Sinusuri ng Lupon ang mga pagsisikap ng mga Departamento ng Pulisya ng Los Angeles, San Diego at Oakland, at ng kanilang kinaauukulang lupon ng pagsubaybay upang suriin ang stop data ng RIPA at footage ng mga camera na suot sa katawan para matukoy kung paano nagdudulot ng mga pagkakaiba sa pagpupulisya ang kanilang mga patakaran at gawi at para bumuo ng mga naka-target na pamamagitan. Pagkatapos ng pagsusuring ito, gumagawa ang Lupon ng ilang rekomendasyon sa mga ahensyang tagapagpatupad ng batas tungkol sa pagsusuri ng stop data para sa pagreporma ng patakaran at pangangasiwa sa tauhan. Nakalista ang mga rekomendasyong iyon sa Mga Rekomendasyon at Pinakamainam na Gawi sa Ulat ng RIPA para sa 2022.

Sinisiyasat ng Lupon ang pakikilahok ng komunidad sa mga lupon para sa pagdidisipilina, pagsubaybay, at pagpapayo, na isa pang kritikal na bahagi ng mga sistema ng pananagutan. Makakatulong ang mga lupon ng pagsubaybay sa komunidad para matulongang matiyak na ang mga ahensyang tagapagpatupad ng batas ay may pananagutan para sa kanilang mga aksyon, tumatakbo nang may maximum na katapatan, at ginagawa ang kanilang mga tungkulin sa paraang binibigyang-kaalaman ng mga pangangailangan ng komunidad. Sinusuri ng Lupon ang mga pagsisikap sa pananagutan ng komunidad sa San Francisco, Chicago, at Vallejo. May mga highlight ang Ulat para ipakita kung paano maaaring mag-iba ang pananagutan sa komunidad sa iba't ibang lugar at kung paano dapat tukuyin ng bawat komunidad kung ano ang pinakamabuti para sa kanilang mga pangangailangan. Pagkatapos ng pagsusuring ito, gumagawa ang Lupon ng mga rekomendasyon sa mga ahensyang tagapagpatupad ng batas tungkol sa pakikilahok ng komunidad sa pagsubaybay sa mga ahensyang tagapagpatupad ng batas. Nakalista ang mga rekomendasyong iyon sa Mga Rekomendasyon at Pinakamainam na Gawi sa Ulat ng RIPA para sa 2022.

Mga Call for Service at Bias by Proxy

Pinagpapatuloy ng Lupon ang pagsisiyasat nito sa mga call for service, isang katawagang tumutukoy sa pagpapadala ng pulisya, bumbero, ambulansya, atbp. upang tumugon sa tawag para sa tulong, na karaniwang tawag sa 911. Siniyasat ng Lupon ang paghahati sa lahi/etnisidad ng mga indibidwal na na-stop kumpara sa populasyon. Para sa mga call for service, na-stop ang mga indibidwal na ltim nang 211.8 porsiyentong mas madalas kaysa inaasahan batay sa kanilang proporsyon sa naninirahang populasyon. Mas bihirang na-stop ang mga indibidwal na Asyano nang 80.7 porsiyento at mas bihirang na-stop ang mga indibidwal na Multi-racial nang 78.8 porsiyento kaysa inaasahan batay sa distribusyon ng populasyon.

Dagdag pa sa pagsiyasat ng data ng mga call for service, isinasaalang-alang ng Lupon ang epekto ng bias by proxy – kapag tumawag ang isang miyembro ng komunidad sa mga tagapagpatupad ng batas at gumawa siya ng mga paratang na hindi totoo o may pagkakamali laban sa isang tao para sa may bias na dahilan. Karaniwang dispatcher ang unang punto ng pakikipag-ugnayan sa anumang call for service. Dahil dito, may kritikal na papel ang mga dispatcher sa pagpapabuti ng mga ugnayan sa komunidad, lalo kapag tinutugunan ang mga bias by proxy na call for service. Ngayon taon, sinuri ng Lupon ang mga pagsasanay sa dispatcher at mga patakaran mula sa Police Officer Standards and Training (POST) Commission, na nagtatakda ng mga minimum na alituntunin at pagsasanay para sa mga dispatcher. Tinatala ng Lupon na ang POST

ay hindi nag-aatas ng anumang pagsasanay sa bias para sa mga dispatcher, at walang pagsasanay na kaugnay ng bias ang bahagi ng Public Safety Dispatcher Basic Course (Pangunahing Kurso para sa Dispatcher ng Pamublikong Kaligtasan). Nagbibigay ang Lupon ng mga pinakamainam na gawi at rekomendasyon tungkol sa kung paano mabawasan ang bias sa mga tawag tungkol sa “kahina-hinalang tao”; kabilang sa mga rekomendasyon ang pagpapabuti sa komunikasyon sa pagitan ng mga dispatcher at opisyal para maunawaan nang maaga ng mga opisyal na maaaring dulot ng bias ng tumatawag ang tawag at tumugon nang naaangkop dito. Nakalista ang mga rekomendasyong ito sa Mga Rekomendasyon at Pinakamainam na Gawi sa Ulat ng RIPA para sa 2022.

Tinitingnan din ng Lupon ang iba’t ibang pamamaraan na ginawa ng mga komunidad at ahensyang tagapagpatupad ng batas para tugunan ang mga bias by proxy call. Una, inilalarawan ng Lupon ang mga Bias Response Team (Pangkat sa Pagtugon sa Bias), na ginagamit sa iba’t ibang lokalidad at gumagamit ng paraang alinsunod sa restorative justice (hustisya para sa pagsasaayos ng naidulot na pinsala) para matugunan ang mga bias by proxy na call for service. Ang restorative justice ay isang teorya na binibigyang-diin ang pagsasaayos sa pinsalang dulot ng kriminal na kilos; sa kontekstong ito, ang pinsala ay dulot ng call for service na may bias. Hiwalay na nagtatrabaho ang mga team na ito mula sa tagapagpatupad ng batas at tumutugon sila sa mga pinaparatang na insidente ng bias para magbigay ng edukasyon at suporta sa biktima ng bias, kasama ang iba pang pagsisikap para isaayos ang pinsala. Pangalawa, tinitingnan ng Lupon kung paano posibleng makagawa ng “salungatan” ang mga dispatcher at opisyal sa pamamagitan ng pagtanong sa tumatawag ng iba’t ibang tanong para matukoy kung dulot ng bias o obhektibong tanda ng kriminal na aktibidad ang kanyang tawag. Panghuli, inilalarawan ng Lupon ang mga pagsisikap ng mga ahensyang tagapagpatupad ng batas para ilipat ang mga bias by proxy na tawag—kung kailan maaaring hindi kailangan kaagad ang opisyal—sa tauhang hindi tagapagpatupad ng batas.

Sinusuri din ng Lupon ang mga call for service sa kalusugang pangkaisipan, kung saan may kabilang na taong nakakaranas ng krisis sa kalusugan ng pag-uugali at maaaring kailangan ng klinikal na pamamagitan o pagsasaayos ng pangangalaga mula sa pangkalusugang propesyonal. Ang pagbuo at pagpopondo ng mga komprehensibong sistema ng pagtugon sa krisis ay isang paraan para pabutihin ang kalusugan ng publiko at alisin ang stigma ng pangangalaga sa kalusugang pangkaisipan. Nagsasaad ang Lupon ng mga gumagabay na prinsipyo para sa mga tugon sa mga call for service na pinangungunahan ng komunidad, kabilang ang pagbibigay ng tugon mula sa mga propesyonal sa kalusugang pangkaisipan na nakasentro sa indibidwal at nakatuon sa boluntaryong pakikilahok, pamamagitan ng mga kasamahan, pangangalagang batay sa kaalaman tungkol sa trauma at walang karahasan, pagnanais na walang pagpapakamatay, pagsasanay sa paglaban sa bias, maikli at pangmatagalang koneksyon sa pangangalaga at pabahay, at paggamit ng pamamagitan pinakaunti ang paghihigpit.

Sinusuri ng Lupon ang mga modelo ng pagtugon sa krisis na nagbibigay ng mga alternatibo sa mga armadong tugon ng pulisyoa, nang may pagtuon sa mga nagsisimulang programa na nagsimula ng kanilang mga pilot na programa. Iba-iba ang mga anyo ng mga modelo, pero binibigyang-diin ng Lupon ang mga aral na natutunan mula sa bawat modelo na


makakapaggabay sa mga lokal na pamahalaan at ahensyang tagapagpatupad ng batas tungkol sa kung paano mabisang mapapatupad ang mga modelong nakabatay sa komunidad, na mas matipid at nakakaligtas ng mga buhay.

Mga Patakaran sa Mga Reklamo ng Sibilyan

Ang Ulat ay mayroong pagsusuri ng mga reklamo ng sibilyan na natanggap noong 2020 ng 692 ahensyang tagapagpatupad ng batas sa California. Ang apat na raan at apatnapu't apat sa 692 ahensya ay napailalim din sa mga kinakailangan sa pag-ulat ng stop data ng RIPA (pagkatapos nito ay tinatawag na mga ahensya ng RIPA). Nag-ulat ang mga ahensya ng RIPA ng kabuuang 10,648 reklamo, at 9,878 (92.8%) ang nagkaroon ng disposisyon sa taon sa kalendaryo ng 2020. Sa 9,878 reklamong umabot sa disposisyon, 933 (9.4%) ang ipinagpatibay, 3,313 (33.5%) ang pinawalang-sala, 996 (10.1%) ang hindi ipinagpatibay, at 4,636 (46.9%) ang walang batayan.

Nag-ulat ang mga ahensya ng RIPA ng kabuuang 1,259 na reklamong nagpaparatang ng elemento, o mga elemento, ng pag-profile sa lahi o pagkakakilanlan, na bumubuo sa 11.8 porsiyento ng kabuuang 10,648 reklamo ng sibilyan na inulat ng mga ahensya ng RIPA noong 2020. Sa 1,259 na reklamong iyon, mayroong 1,458 paratang ng pag-profile sa pagkakakilanlan. Ito ay dahil nagparatang ang ilang sibilyan ng higit sa isang uri ng pag-profile sa pagkakakilanlan, tulad ng pag-profile batay sa parehong edad at kasarian. Ang mga reklamong nagparatang ng pag-profile sa lahi at etnisidad ay bumuo ng 75 porsiyento ng 1,259 na reklamong nagparatang ng pag-profile sa pagkakakilanlan. Nagbibigay ang figure sa ibaba ng paghahati-hati ng mga paratang sa 1,259 na reklamong iyon.

Kabuuang Reklamo sa Pag-profile sa Lahi at Pagkakakilanlan na Inulat ng Mga Ahensya ng RIPA




Sa 1,259 na reklamong nagpaparatang ng pag-profile, 729 ang nagkaroon ng disposisyon noong 2020: 14 (1.9%) ang ipinagpatibay, 132 (18.1%) ang pinawalang-sala, 80 (11%) ang hindi ipinagpatibay, at 503 (69%) ang natukoy bilang walang batayan.

Ipinapakita ng sumusunod na figure ang pagkakahati-hati ng mga uri ng disposisyon sa data para sa 2020 para sa (1) lahat ng reklamong umabot sa disposisyon at (2) mga reklamo ng pag-profile sa lahi at pagkakakilanlan na umabot sa disposisyon.


Paghahati-hati ng Disposisyon ng Mga Reklamo noong 2020

Kabuuang Bilang ng Mga Reklamong Umabot sa Disposisyon noong 2020



■ Sustained ■ Exonerated ■ Not Sustained ■ Unfounded

Kabuuang Bilang ng Mga Reklamo sa Lahi at Pagkakakilanlan na Umabot sa Disposisyon noong 2020



■ Sustained ■ Exonerated ■ Not Sustained ■ Unfounded

Naglalaman ang Ulat ng mas maraming detalye at breakdown ng mga numero ng reklamo para sa mga ahensyang Wave 1 at 2 pati mga Wave 3 at mga ahensyang Wave 4 na nag-uulat nang maaga. Kapansin-pansin dito ang mga ahensyang Wave 1 at 2, na nakaranas ng pagtaas sa kabuuang bilang ng mga reklamo sa pag-profile mula 2019 hanggang 2020, at, noong 2020, parehong nag-ulat ang mga ahensyang Wave 1 at 2 ng pinakamataas na bilang ng mga reklamo sa pag-profile ng lahi at pagkakakilanlan mula noong nagsimula ang mga ahensyang magkolekta ng impormasyong ito noong 2016.

Panghuli, naglalaman ang Ulat ng pagsusuri ng mga form sa reklamo ng sibilyan ng mga ahensyang Wave 3. Pagpapatuloy ang pagsusuring ito ng pagsusuri na ginawa ng Lupon noong Ulat sa 2021, tungkol sa mga form ng mga ahensyang Wave 1 at 2 at sinusuri nito ang pagsunod ng mga ahensya sa mga pinakamainam na gawing binuo ng Lupon sa mga mas maagang ulat.

Gumawa din ang Lupon ng ilang rekomendasyon sa Lehislatura na mas detalyadong tinatalakay sa Ulat at sinasanguni din sa Mga Rekomendasyon at Pinakamainam na Gawi sa Ulat ng RIPA para sa 2022.

Pagtugon sa Mga Bias ng Mga Peace Officer (Opisyal sa Pagpapanatili ng Kapayapaan) sa Yugto ng Pag-hire

Sinisiyasat ng Lupon kung paano matutugunan ng mga ahensya ang mga bias ng mga opisyal sa yugto ng pag-hire at, para sa layuning iyon, masinsinang tinitingnan ang Assembly Bill (AB) 846, na pumasa sa Lehislatura at naging batas noong Setyembre 2020. Inaamyenda ng AB 846 ang California Government Code (Kodigo ng Pamahalaan ng California) 1031 at idinadagdag ang Seksyon 1031.3 sa Government Code at Seksyon 13561 sa Penal Code (Kodigo Penal). Inaatas nito na ang mga opisyal ng kapayapaan ay dapat “malaya” mula sa “bias laban sa lahi o etnisidad, kasarian, nasyonalidad, relihiyon, kapansanan o sekswal na oryentasyon” at inaatas nito sa mga imbestigador ng pinanggalingan at mga sikolohikal na tagasuri na nagsusuri ng isang kandidato para maging opisyal ng kapayapaan na suriin kung natutugunan ng taong iyon ang pamantayang ito. Tinatalakay din ng Lupon ang mga pagsisikap na ginawa ng POST hanggang ngayon para matugunan ang direktiba nito sa ilalim ng AB 846 para baguhin ang mga regulasyong kaugnay ng mga pagsusuri ng mga imbestigador ng pinanggalingan at sikolohikal na tagasuri ng mga bias ng kandidato para sa opisyal sa pagpapanatili ng kapayapaan. Ayon sa tinatala ng Lupon, nagsumite sila ng mga rekomendasyon sa mga iminumungkahing regulasyon ng POST na naniniwala silang magbibigay-daan sa mga ahensya na matukoy nang mas mabuti ang mga bias ng mga opisyal, at mula roon, gumawa ng mga desisyon sa pag-hire batay sa mga pagsusuri ng mga imbestigador at tagasuri. Inirekomenda ng Lupon na partikular na iatas ng mga regulasyon na hanapin at suriin ng mga imbestigador at tagasuri ang social media profile ng aplikante kapag sinusuri ang aplikante para sa bias. Inirekomenda rin ng Lupon na iatas ng mga regulasyon sa mga imbestigador ng pinanggalingan at tagasuri na magbigay ng mga partikular na natuklasan pagdating sa bawat naka-target na aspektong ginamit para suriin ang tao para sa pag-uugali, kilos o katangiang may bias, at iatas na kailangang malinaw na ipaliwanag ng mga natuklasan ang pagsusuri para sa bawat aspekto, kabilang ang pinanggalingan at katibayang ginamit. Tumugon ang POST sa pamamagitan ng sulat na nagsasabing hindi nito masasama ang mga rekomendasyon ng Lupon hanggang sa deadline ng mga regulasyon. Matagal na tinalakay ng Lupon ang sulat ng POST noong huling pagpupulong ng Lupon nito at nagpahayag ito ng alalahanin sa tugon ng POST. Pagkatapos nito, inabisuhan ng POST ang Lupon na ipinagpaliban nito ang paglalathala ng mga regulasyon para makipag-ugnayan sa mga miyembro ng Lupon para suriin at ganap na isaalang-alang ang mga rekomendasyon ng Lupon. Patuloy na makikipagtulungan ang Lupon sa POST para tiyaking tutugunan ng Commission ang mga rekomendasyon nito.

Pinupuri ng Lupon ang Lehislatura para sa pagpasa ng AB 846 at ang ambisyoso at mahalagang layunin nito na pagbabago sa kultura ng mga ahensyang tagapagpatupad ng batas at pagpapabuti ng kaligtasan ng publiko sa pamamagitan ng pagbabago ng mga katangian ng mga kandidato para sa opisyal sa pagpapanatili ng kapayapaan. Gayunpaman, tinatala ng Lupon sa Ulat ang kawalan ng mga maaasahang pagsusuri para masukat ang mga implicit na bias ng isang tao, at kawalan ng pagsang-ayon sa kung maaaring maging “malaya” mula sa bias ang isang tao ayon sa nilalayon ng Lehislatura. Dahil dito, inirekomenda ng Lupon na isaalang-alang ng Lehislatura ang karagdagang batas na isusulong ang mga layunin ng AB 846 sa pamamagitan ng pagbigay ng pondo sa mga akademikong mananaliksik, organisasyon sa komunidad, at ibang

interesadong partido para mag-aral at mag-eksperimento ng ibang pamamaraan ng pagtukoy at pagtugon sa mga bias ng mga kandidato para sa opisyal ng kapayapaan. Sinisiyasat ng Lupon ang kahit ilan man lamang sa iba pang pamamaraang iyon, kung saan kabilang ang pagsusuri ng social media ng mga opisyal para sa mga explicit na bias, pagsusuri ng mga nag-uudyok o internal na nagtutulak sa mga opisyal na hindi magtrabaho sa may bias na paraan, pamamagitan na pangmatagalan at may iba't ibang elemento para mabawasan ang mga bias ng mga opisyal, at mga pagsasanay sa implicit na bias. Mukhang maganda ang lahat ng pamamaraang ito pero kailangan ng higit pang pag-aaral sa bisa ng mga ito, lalo na sa konteksto ng pagpapatupad ng batas.

Ang POST Commission at Pagsasanay sa Tagapagpatupad ng Batas ng POST Kaugnay ng Pag-profile sa Lahi at Pagkakakilanlan

Mas masinsinang nagtrabaho ang Lupon sa pagsusuri at paggawa ng mga rekomendasyon sa mga pagsasanay ng POST ngayong taon. Nakakatanggap ang POST ng milyon-milyong dolyar mula sa Lehislatura at responsable ito para sa pagtatakda ng mga minimum na alituntunin at pagsasanay para sa higit 84,400 entry-level na cadet, may karanasang opisyal, at supervisor sa 652 ahensyang tagapagpatupad ng batas sa buong estado. Ang trabaho ng Lupon sa mga pagsasanay ng POST ay higit pa sa mga pagsasanay na nakatuon lamang sa pag-profile sa lahi at pagkakakilanlan dahil ang mga isyu ng bias at pag-profile sa lahi at pagkakakilanlan ay bahagi rin ng maraming pagsasanay ng POST. Halimbawa, ipinapakita ng data ng Lupon na mas lubos na gumagamit ng puwersa sa mga indibidwal na ltim, at sa gayon ay dapat may mga bahagi tungkol sa kung paano bawasan ang implit at explicit na bias ang mga pagsasanay na kaugnay ng paggamit ng puwersa. Kritikal ang ugnayan sa pagitan ng Lupon at POST dahil ang epektibong pagsasanay sa pagpapatupad ng batas ay nakapahalagang bahagi ng mandato ng Lupon na alisin ang pag-profile sa lahi at pagkakakilanlan sa California.

Ngayong taon, tinugunan ng Lupon ang komposisyon sa namamahalang lupon ng POST—ang POST Commission— na itinakda ng Lehislatura. Binubuo ang higit sa kalahati ng Commission ng mga indibidwal na may background sa pagpapatupad ng batas. Dahil sa malaking papel nito sa pagpupulisya, na serbisyong publiko sa komunidad, inirerekomenda ng Lupon na paramihin ng Lehislatura ang bilang ng miyembro ng komunidad sa POST Commission. Ang paggawa nito ay magiging alinsunod sa ilang iba pang lupon na namamahala sa mga propesyon sa estadong may mas mataas na bilang ng representasyon ng publiko sa kanilang mga namamahalang lupon. Ang pagbagbago sa komposisyon ay maaaring magresulta sa mga pinabuti at mas modernong pagsasanay sa pamamagitan ng pagsama ng mga perspektibo ng komunidad pati ng pinataas na tiwala ng publiko at kumpiyansa sa mga pagsasanay na iyon.

Sinisiyasat din ng Lupon ang dalawang lupon, ang California Legislative Analysis Office (Tanggapan sa Pagsusuri ng Batas ng California) at ang Little Hoover Commission, na nagbibigay ng panlabas na pagsubaybay o pagsusuri sa programa ng pagsasanay ng POST. Pagdating sa sariling papel ng Lupon sa paggawa ng mga rekomendasyon sa POST, sinuri ng Lupon ang mga kurso ng POST sa antas ng akademya at habang nasa serbisyo na naglalayong pigilan ang pag-profile sa lahi at pagkakakilanlan at ituro ang pag-unawa at respeto para sa mga pagkakaiba sa lahi, pagkakakilanlan, at kultura. Para sa layuning iyon, tinukoy ng POST ang 6 na kurso para sa

pagsusuri ng Lupon at sinuri na ng Lupon ang 3 sa mga ito: (1) ang mga module sa De-escalation (Pagpapakalma ng Sitwasyon) at Mindfulness (Pagkakaroon ng Kamalayan) ng kurso na Strategic Communications for In-Service Officers and Dispatchers (Mga Estratehikong Komunikasyon para sa Mga Opisyal at Dispatcher na Nasa Serbisyo), (2) online na kurso na Beyond Bias: Racial and Identity Profiling Update (Pagdaig sa Bias: Update sa Pag-profile sa Lahi at Pagkakakilanlan) para sa kurso na In-Service Officers (Mga Opisyal na Nasa Serbisyo) , at (3) kurso na Supervisory Support: Racial and Identity Profiling Self-Assessment (Suporta sa Pangangasiwa: Pagtatasa sa Sarili sa Pag-profile sa Lahi at Pagkakakilanlan).

Iba-iba ang mga komento ng Lupon para sa mga kurso. Kabilang ang mga sumusunod sa mga obserbasyon para sa lahat: ang mga sinuring kurso ay hindi epektibong nagtuturo tungkol sa explicit o implicit na bias o pag-profile; hindi detalyadong tinatalakay ng mga kurso ang epekto ng may bias na pagpupulisya sa komunidad; hindi sapat na natutugunan ng mga kurso ang mga sitwasyon kung saan ginagamit ang ilang aksyon sa pagpupulisya, tulad ng mga consent search, sa mga paraang gumagawa ng iba't ibang resulta; hindi kabilang sa mga kurso, kapag naaangkop, ang patnubay para sa mga supervisor tungkol sa kung paano subaybayan ang mga line officer para sa may bias na pagpupulisya at walang pagbibigay-diin sa pagdisiplina sa mga opisyal para sa may bias na kilos; at huli, kabilang sa mga workbook ng kurso at sanggunian ang mga malawakang pinuna at hindi napapanahong gawi, tulad ng “Broken Windows” na pagpupulisya, na hinihikayat ang mga opisyal na itrato ang mga komunidad sa mga paraang nagreresulta sa iba't iba at racist na kinalalabasan at nagtutulak ng kawalan ng tiwala ng komunidad. Ang mga kumpletong obserbasyon at rekomendasyon ng Lupon tungkol sa mga pagsasanay ng POST ay nakadetalye sa Ulat at sa Mga Rekomendasyon at Pinakamainam na Gawi sa Ulat ng RIPA para sa 2022.

May Kaugnayang Lehislyong Ipinatupad sa 2021

Kabilang sa Ulat ang isang seksyon tungkol sa kamakailang ipinatupad na lehislyong kaugnay ng RIPA na maaaring mangailangan ng mga na-upate na pagsasanay para sa mga opisyal at mga pagbabago sa mga patakaran at proseso ng mga ahensya. Pinag-uusapan ng lehislyong binibigyang-diin sa Ulat ang mga naturang isyu tulad ng pagbawi o pagtanggap ng sertipikasyon, mga minimum na kinakailangan para sa edad ng mga opisyal, ang tungkulin na mamagitan, at mga alternatibo sa pagpapatupad ng batas na nakabatay sa komunidad, at iba pa.